


# ABISO SA MGA PAGBABAGO SA PAGSUNOD ACCESSIBLE NA ENTRANCE NG NEGOSYO



## Mahal na May-ari/Ahente ng Ari-arian

Ang The Accessible Business Entrance Program, tulad nang itinatag ng Ordinance No. 51-16, ay tumutulong sa mga may-ari ng ari-arian na mas mabuting makasunod sa mga kasalukuyang batas sa accessibility ng Estado at Pederal. At, nakakatulong rin ito sa mga taong may kapansanan na magkaroon ng mas malaking access sa kalakal at serbisyo na inihahandog ng mga negosyo at organisasyon. Hinihiling sa ordinansa na ang mga kasalukuyang gusali na may lugar para sa “pampublikong akomodasyon”, ay dapat magkaroon lahat ng mga pangunahing pasukan mula sa pampublikong daanan, at magagamit ng mga taong may kapansanan. Ipinapahiwatig sa aming mga rekord na ang inyong (mga) ari-arian ay maaaring mapailalim sa programang ito.

*Sa ilalim ng batas ng estado at pederal, ang lugar ng “pampublikong akomodasyon” ay karaniwang isang negosyo o kompanya na kung saan makapasok ang publiko sa gusali para makatamo ng mga kalakal at serbisyo, tulad ng mga bangko, mga day care center, mga hotel, mga opisina, mga restaurant, mga tindahan, atbp.*

## MGA PAGBABAGO SA ORDINANCE NO. 51-16 - MAY BISA MULA HUNYO 1, 2018

1. Pahahbain ang lahat ng mga deadline sa pagsusunod sa patakaran ng anim na buwan na magreresulta sa unang deadline na Enero 1, 2019.
2. Aalisin ang administrative fee (kaukulang bayad pang-administratibo) na \$97.
3. Hilingin mula sa mga may-ari ng ari-arian na magkaloob ng 30 araw na abiso sa mga nangungupahan sa gusali bago isumite ang permit application.
4. Ang mga kuwalipikadong gusali sa ilalim ng Category 1, kung alinman sa mga sumusunod na paglalarawan ang maipapataw:
  - a. ang nautos na kahilingan sa mga may-ari ng gusali na makatugon sa earthquake retrofit electing para makasunod sa mga kahilingan sa ilalim ng ordinansang ito bago ang mga naitakdang huling araw sa pagsusunod sa Programang ito.
  - b. ang mga may-ari ng gusali na nagsasampa ng permit application sa o makalipas ang petsa ng pagkabisa nitong ordinansa para mabago ang gusali o isang bahagi nito ay nabago, o iminungkahing mabago, kung saan pinili ng may-ari na sumunod sa mga kahilingan ng ordinansa bago ang mga naitakdang huling araw sa pagsunod ng Programang ito.

Mangyari lang tiyakin na basahin ang buong nasusog na lehislyasyon sa [www.sfdbi.org/businessentrance](http://www.sfdbi.org/businessentrance) para matiyak ang pagsusunod sa patakaran.

## BINAGONG Mga Kategoriya sa Pagsunod at Takdang Panahon (mga bagong petsa may bisa ng 6/1/2018)

Pagsunod Kategoriya	Paglalarawan sa Kategoriya	Magsumite ng checklist ng pagsusunod sa patakaran at tiyakin ang opsyon na sinunod	Magsumite ng application sa hinihiling na (mga) permiso sa gusali	Kumuha ng mga hinihiling na (mga) permiso sa gusali
1	Bilang Pagsunod	Enero 1, 2019	Hindi Angkop	Hindi Angkop
2	Walang mga Hakbang ngunit may mga hadlang	Enero 1, 2019	Abril 1, 2019	Abril 1, 2020
3	Isang Hakbang kasama ng iba pang mga hadlang	Hunyo 1, 2019	Setyembre 1, 2019	Setyembre 1, 2020
4	1+ Hakbang kasama ng iba pang mga hadlang	Disyembre 1, 2019	Marso 1, 2020	Marso 1, 2021

Bumisita sa [sfdbi.org/businessentrance](http://sfdbi.org/businessentrance) para sa karagdagang impormasyon.



Accessible Business Entrance Program  
Department of Building Inspection  
1660 Mission Street, 1st Floor (Window #8)  
San Francisco, CA 94103

## BABALA SA MGA MAY-ARI NG GUSALI:

Abiso ng Mahahalagang Pagbabago sa Mga  
Detalye ng Accessible Business Entrance Program at  
Schedule sa Pagsunod Sumali sa amin sa Earthquake  
Safety Fair nitong Hunyo 13, 2018.

## Mahal na May-ari/Ahente ng Ari-arian

Ipinapadala namin ang abisong ito para ipagbigay-alam sa inyo ang darating na mga pagbabago sa Accessible Business Entrance (ABE) na programa, na ipinasa ng San Francisco Board of Supervisors noong 2016 bilang Ordinance No. 51-16. Basahin sa loob para sa karagdagang impormasyon at kung paano maging pamilyar sa mga kahilingan ng nabagong ordinansa.

## Kayo ay inaanyayahan sa 2018 Earthquake Safety fair ng DBI.

Sa HUNYO 13, ang Department of Building Inspection ay mamumuno sa Taunang 2018 Earthquake Safety Fair mula 10am - 4pm sa Bill Graham Civic Auditorium (99 Grove St, San Francisco, CA 94102). Ang LIBRENG event na ito ay magtatampok ng exhibitor hall at mga nagbibigay impormasyong workshop, kasama ng aktuwal na emergency na pagsasanay.

Kami ang magiging host sa nakatuon sa ABE sa oras na 2:30 habang may Fair. Iparehistro ang inyong pagdalo at mag-sign up para sa workshop sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.sfdbi.org/earthquakefair](http://www.sfdbi.org/earthquakefair).

### MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Website: [www.sfdbi.org/businessentrance](http://www.sfdbi.org/businessentrance)

Tumawag sa: (415) 558-6128

*Para makakuha ng kopya ng sulat na ito sa Chinese, Espanyol, o Tagalog, mangyari lang tumawag sa (415) 558-6128.*

Email: [dbi.businessentrance@sfgov.org](mailto:dbi.businessentrance@sfgov.org)

Bumisita sa: 1660 Mission Street, 1st Floor (Window #8)

Para sa karagdagang impormasyon, mangyari lang bumisita sa [sfdbi.org/businessentrance](http://sfdbi.org/businessentrance).